

EARTHQUAKE WARNING CALIFORNIA: MGA HAKBANG PARA MAGHANDA

HUWAG HAYAAN KAYONG
MAGULAT SA MGA PAG-LINDOL
I-DOWNLOAD ANG LIBRENT MYSHAKE
APP NGAYON

DON'T GET
CAUGHT OFF
GUARD

1. Lumahok sa Earthquake Warning California

Hindi pa rin mahulaan ng mga siyentipiko ang mga lindol, pero salamat sa bagong teknolohiya, mga indibidwal at organisasyon na pwedeng potensyal na tumanggap sa ilang segundo ng babala para makagawa ng angkop na mga pag-iingat para sa kaligtasan bago mangyari ang lindol. Ginagamit ng Earthquake Warning California ang California Integrated Seismic Network, na isang samahan sa pagitan ng Cal OES, United States Geological Survey (USGS), US Berkeley, ang California Institute of Technology, at ang California Geological Survey. Gumagamit ang system ng mga sensor sa paggalaw ng lupa para matukoy ang mga lindol na nagsisimula na at matantya ang kanilang sukat, lokasyon, at epekto. Kapag ito ay makatukoy ng makabuluhang magnitude, ang sistema ay mag-iisyu ng mensahe sa ShakeAlert®, na magbibigay ng babala bago magsimula ang pagyanig. Para makatanggap ng mga babala ng lindol, pwedeng i-download ng mga indibidwal at miyembro ng pamilya ang MyShake App at siguraduhing naka-adjust ang mga setting ng telepono para makatanggap ng mga alerto ng emerhensya kasama ang:

- **Wireless Emergency Alerts (WEAs):** Walang bayad na mga mensahe sa text para sa mga sitwasyong emerhensya (magnitude 5.0 o mas mataas at pagyanig na Modified Mercalli Intensity IV);
- **MyShake App:** Ang libreng app sa smartphone na nagbibigay sa mga user ng iPhone at Android na may mga babala na audio at visual (magnitude 4.5 o mas mataas at mga pagyanig na Modified Mercalli Intensity III). Available sa mga store ng Apple App at Google Play; at
- **Mga Android Earthquake Alert:** Los teléfonos Android con sistema operativo actualizado son suscritos automáticamente a Android Earthquake Alerts, , la cual usa la misma tecnología que MyShake App.

Pwedeng mangyari ang lindol sa California anumang oras. Naninirahan ka man o bisita, kailangan mong tumugon ng mabilis para mabawasan ang mga pinsala o panganib. Sa panahon ng lindol, pwedeng ma-block ang mga ruta sa paglalakbay, ang dumadaloy na gas o tubig ay maaaring makumpromiso ang kaligtasan, at maaaring limitado ang access sa teknolohiya. Kritikal ang paghahanda.

Isinulat ng California Governor's Office of Emergency Services (Cal OES) ang sheet ng tip na ito na may kasamang mapagkukunan para sa paghahanda sa lindol.. Paki-share ang impormasyong ito at himukin ang iba pa sa iyong komunidad na makibahagi sa pagpapalano para sa emerhensya. Ang mas higit na mapagkukunan ay available sa earthquake.ca.gov.

Mga Pakinabang at Paggamit

Maaaring i-enable ng Earthquake Warning California ang mga pasilidad ng mga telekomunikasyon para sa gawaing pagprotekta sa lalong madaling panahon, tamang tama bago magsimula ang pagyanig o maging matindi para sa epektibong pagtugon. Sa sandaling matukoy at ma-analyze sa oras ding iyon na mahigitan ang inaasahang intensidad, isang babalang mensahe ang ipapadala sa pamamagitan ng smartphone o ibang mga user ng teknolohiya sa telekomunikasyon sa mga lokasyon na maaaring apektado. Nagbibigay din ito ng babala sa mga tagapagbigay ng telekomunikasyon na maaaring gumawa ng naaangkop na aksyon sa layuning mapanatili ang mga serbisyo sa mas higit na lawak kaysa sa walang babala; maaring kasama sa aksyon na ito ang pag-enable para i-switch on ang mga generator, umasa ng pagdagsa ng trapiko, mga load ng traffic para mai-redirect, atbp.

Paghahanda

Isang mahalagang bahagi ang mga telekomunikasyon sa mabilis na pagtatalaga ng tulong kasunod ng emerhensya. Umaasa ng husto ang mga serbiyong pagtugon sa emerhensya gaya ng mga opisyal ng pulis, bumbero, at mga serbiyong ambulatory na umaasa ng higit sa mga telekomunikasyon para magprotekta at magligtas ng buhay. Sa ibaba ang limang tip na maaaring pantulong sa tagapagbigay ng telekomunikasyon sa proseso ng paghahanda:

1. Maunawaan ang Kahinaan sa Lokal na Panganib.

Tasahin ang kahinaan ng komunidad sa mga peligro at unahin ang mga hakbang sa pagiging handa para sa mga natukoy na lugar. Siguraduhing masuri ang mga imprastruktura na nasa panganib, gaya ng mga channel na napupuno ng labis-labis na pagtawag, mga linya ng telepono, at imprastruktura ng satellite ng komunikasyon.

2. Mga Tungkulin ng Pagiging Handa ng Komunidad

Makipag-ugnayan sa support kasama ang mga ka-partner sa telekomunikasyon para masiguro ang patuloy na pagkakakonekta at kakayahang tactical, tulad ng satellite, radyo, mataas na frequency, data, at mga kakayahan ng cellular sa panahon ng emerhensya. Magtrabaho kasama ang mga kawani ng emerhensya para makapagtatag ng mga linya ng komunikasyon sa oras na magkaroon ng overload ang system, tulad ng paggamit ng mga pager, two-way na radyo, at iba pang mga tool. Siguraduhing ang lahat ng mga tagubilin para sa mga user ng system ay maiintindihan ng karaniwang tao para madali itong sundin.

3. Mag-download ng MyShake App at I-adjust ang Mga Setting ng Telepono.

Maaaring makadagdag ang MyShake App, Android Earthquake Alerts, at WEAs sa kasalukuyang mga sistema ng babala at magbigay sa mga kawani ng panahon para magtago bago magsimula ang pagyanig. Ipakita sa mga kawani kung ano ang mga tunog at itsura ng babala ng lindol. Dapat gumawa ng mga hakbang ang mga kawani para matiyak na maa-activate at maririnig ang mga babala sa lindol sa isang sitwasyong pang-emerhensya, gaya ng pagtiyak na naka-set sa "laging naka-on" ang lokasyon sa setting ng kanilang telepono para gumana ng maayos ang MyShake App at Android Earthquake Alerts.

4. Kasama ang Mga Babala ng Lindol sa Mga Plano ng Telekomunikasyon sa Emerhensya.

Dapat suriin ng mga telekomunikasyon kung anong mga paggana ng mga operasyon na maaaring awtomatikong gagana ng mauna sa lindol at kung alin ang maaring mabilis na magagawa ng mga kawani habang pinapanatili silang ligtas. Maaaring kasama dito ang paglalagay sa safety mode ng mga kagamitan o pag-reprovision ng mga koneksyon para maiwasan ang pagkawala ng data. Alamin kung available ang mga kakayahan sa awtomatikong pagpapatupad ng mga protocol sa emerhensya kapag naglabas ng babala.

5. Turuan ang Publiko.

Sa mga malulubhang sakuna, maaaring madaling mapuno ang mga channel ng telekomunikasyon dahil sa mga pagsisikap ng pamilya at mga kaibigan na i-check ang mga minamahal sa buhay, i-post ang status nila sa social media, at tumawag para sa tulong na makalabas sa mga linya ng emerhensya. Isaalang-alang ang pagbibigay ng mga materyal sa pampublikong edukasyon sa paggamit ng mga channel ng komunikasyon sa lindol para tunglang manatiling bukas ang mga linya para sa pagtugon sa emerhensya, kasama ang paggamit ng mensahe sa text at paglimita sa social media at pagtawag. Kilalanin ang mga idibidwal na maaaring nasa panganib kapag nagkaroon ng pagbagsak ng linya ng kuryente o pagkasira ng iba pang imprastruktura, at gumawa kasama ang komunidad para palakasin ang kasalukuyang mga istraktura at turuan sila ng gagawin para manatiling ligtas kapag naglabas ng babala ng lindol.



Para sa Higit na Impormasyon:

Pinapangasiwaan ng Cal OES ang Earthquake Warning California Nagbibigay ito sa mga indibidwal, organisasyon, at komunidad ng madaling ma-access na babala sa lindol, at impormasyon tungkol sa pagiging handa sa emerhensya, at mga mapagkukunan. Para sa mga pinakabagong balita at mapagkukunan, bisitahin ang earthquake.ca.gov. Magpadala ng mga katanungan o mga komento sa fact sheet na ito sa earthquakeinfo@caloes.ca.gov.

Para sa impormasyon, mga katanungan, o mga komento na may kinalaman sa fact sheet na ito, esumulat sa Cal OES sa: earthquakeinfo@caloes.ca.gov.